

MAKABANSA 1

Summative Test No. 1

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sino-sino ang bumubuo ng isang two-parent family?
 - A. Nanay, Tatay, at Anak
 - B. Tatay at Lolo
 - C. Nanay at Lola
 - D. Anak at Pinsan
2. Alin sa mga sumusunod ang bumubuo ng solo parent family?
 - A. Nanay at Tatay
 - B. Lolo at Lola
 - C. Nanay at mga anak
 - D. Anak at Pinsan
3. Ano ang tawag sa pamilya na may kasama pang lolo, lola, tiyo, tiya, at pinsan?
 - A. Solo Parent Family
 - B. Extended Family
 - C. Two-Parent Family
 - D. Maliit na Pamilya
4. Bakit nagtutulungan ang mga miyembro ng pamilya?
 - A. Upang maging masaya at magaan ang gawain
 - B. Para hindi maglaro ang mga bata

- C. Para magalit ang magulang
- D. Para makalabas ng bahay

5. Ano ang ipinapakita ng kwento 'Ang Aming Pamilya'?

- A. Pagkakaisa at pagtutulungan ng pamilya
- B. Pag-aaway ng magkakapatid
- C. Paglalakbay ng pamilya
- D. Paglalaro ng mga bata

6. Ano ang nararamdaman kapag magkasama ang buong pamilya?

- A. Malungkot
- B. Masaya
- C. Naiinis
- D. Galit

7. Kung ikaw ay may solo parent, paano mo maipapakita ang pagmamahal at paggalang sa kanila?

- A. Tumulong sa gawaing bahay
- B. Maglaro buong araw
- C. Mag-iwan ng kalat
- D. Sumagot ng pabalang

8. Anong gagawin mo kung kaarawan ng kapatid mo?

- A. Makikisaya at tutulong sa paghahanda
- B. Matutulog na lang
- C. Magalit
- D. Umalis ng bahay

9. Kung nakatira ka kasama ang lolo at lola, anong uri ng pamilya mayroon ka?

- A. Solo Parent Family
- B. Two-Parent Family
- C. Extended Family
- D. Walang pamilya

10. Ano ang pagkakapareho ng lahat ng uri ng pamilya?

- A. Lahat ay nagpapakita ng pagmamahalan at pagtutulungan
- B. Lahat ay mahirap
- C. Lahat ay magkaaway
- D. Lahat ay malungkot

11. Alin ang hindi kabilang sa mga uri ng pamilya?

- A. Two-Parent Family
- B. Solo Parent Family
- C. Extended Family
- D. Barkada Family

12. Kung ikukumpara, alin ang mas maraming miyembro?

- A. Solo Parent Family
- B. Extended Family
- C. Two-Parent Family
- D. Walang pamilya

13. Kung ikaw ay gagawa ng larawan ng iyong pamilya, ano ang pinakamahalagang ipakita?

- A. Pag-aaway
- B. Pagmamahalan at pagtutulungan
- C. Pagtatampo
- D. Pagtulog

14. Ano ang pinakamabuting epekto ng pagtutulungan sa pamilya?

- A. Nagiging masaya at payapa ang tahanan
- B. Nagkakagalit ang magkakapatid
- C. Naiinis ang magulang
- D. Nagiging magulo ang bahay

15. Pumili ng uri ng pamilya na mayroon ka at ilarawan kung paano ito nagiging masaya.

- A. Dahil laging nag-aaway
- B. Dahil nagtutulungan at nagmamahalan
- C. Dahil walang ginagawa ang lahat
- D. Dahil lahat ay abala sa gadgets

Answer Key

- 1. A
- 2. C
- 3. B
- 4. A
- 5. A
- 6. B
- 7. A
- 8. A
- 9. C
- 10. A
- 11. D
- 12. B
- 13. B

14. A

15. B